Batay sa Tahanan at Komunidad na mga Serbisyo (HCBS)

Panghuling Patakaran

PARA SA MGA MAMIMILI AT PAMILYA:

Ang mga taong may kapansanan sa pang-kaisipan at pagsulong ay binibigyan ng maraming mga serbisyo dahil sa Batas na Lanterman. Marami sa mga serbisyong tinatanggap ng mga tao ay binayaran ng perang pang-estado at pederal mula sa mga pederal na Mga Sentro para sa mga Serbisyong Medicare at Medicaid (Centers for Medicare and Medicaid Services, CMS). Samakatwid, dapat sumunod ang California sa kung anong tinatawag na Panghuling Patakaran ng Batay sa Tahanan at Komunidad na mga Serbisyo (Home and Community-Based Services, HCBS). Itinatakda ng patakarang ito ang mga inaatas para sa mga kapaligirang HCBS, na mga lugar kung saan ang mga tao ay nakatira o tumatanggap ng mga serbisyo. Ang bawat estado ay mayroon hanggang Marso 2019 upang tulungan ang mga tagapagbigay na sumunod sa Panghuling Patakaran ng HCBS.

Saklaw ng Panghuling Patakaran ng HCBS ang:

- Mga kapaligirang pantahanan at di-pantahanan; kabilang ang mga sertipikado at lisensyadong tahanan
- Mga programang pang-araw, at iba pang mga pang-araw na uri na mga serbisyo
- Mga opsyon sa trabaho at mga programa sa trabaho

Hindi Saklaw ng Panghuling Patakaran ng HCBS ang:

- Mga tahanang pangangalaga
- Mga ospital
- Pasilidad para sa Intermedyang Pangangalaga para sa mga Indibidwal na may Kapansanang Pangkaisipan (Intermediate Care Facility for Individuals with Intellectual Disabilities, ICF/IID)
- Mga institusyon para sa mga sakit na pangkaisipan (Institutions for mental diseases, IMD)

Ano ang Layunin ng Panghuling Patakaran ng HCBS?

Upang mapahusay ang kalidad ng mga serbisyo na binibigay sa pamamagitan ng:

- Pagparami ng mga pagkakataon at pagpipilian para sa mga indibidwal
- Pagtaguyod ng pagsasama-sama sa komunidad sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga indibidwal ay ganap na nakakapasok sa komunidad
- Pagtiyak na ang mga indibidwal ay may pagkakataon na magtrabaho at makihalo-bilo ang ibang taong walang kapansanan sa kanilang komunidad
- Pagtiyak na suportado ang mga gusto ng mga indibidwal at protektado ang mga karapatan
- Pagtatag ng mga kinakailangan sa naka-sentro sa tao na pagpaplano ng serbisyo, na may prosesong pinapatakbo at idinidirekta ng indibidwal upang matukoy ang mga kailangang serbisyo at suporta

Lahat ng Kapaligiran

Inaatas ng Panghuling Patakaran na ikaw ay maaaring:

- Makihalo-bilo sa, at maging bahagi ng, iyong komunidad
- Makipagtrabaho kasama ng mga tao na walang kapansanan
- May mga pagpipilian ukol sa mga serbisyo at suporta, at kung sino ang magbibigay ng mga ito
- May kontrol sa iyong iskedyul at mga gawain

Mga Kapaligirang Pantahanan

Pagmamay-ari o Kontrolado ng Tagapagbigay

Dagdag sa mga inaatas na angkop sa lahat ng mga kapaligiran, inaatas ng Panghuling Patakaran na ikaw ay may:

- Pagpipilian tungkol sa iyong mga kasama sa silid
- Pagkapribado sa iyong silid, kabilang ang kandado sa iyong pinto
- Kontrol sa iyong iskedyul at mga gawain
- Kakayahang tumanggap ng mga bisita na iyong gusto anumang oras
- Kalayaan na lagyan ng muwebles at dekorasyon ang iyong silid
- Isang kasunduan sa pag-upa o ibang legal na kasunduan na nagpoprotekta sa iyo mula sa pagpapalayas

Batay sa Tahanan at Komunidad na mga Serbisyo (HCBS)

Panghuling Patakaran

PARA SA MGA TAGAPAGBIGAY:

Paano magbabago ang iyong serbisyo bilang tagapagbigay?

Kung ikaw ay isang tagapagbigay ng serbisyo na nagbibigay ng mga serbisyo sa maramihang mga mamimili sa parehong lokasyon, kailangan naming tiyakin na ang mga serbisyong ito ay hindi binubukod ang mga indibidwal mula sa komunidad. Isinasaad ng Panghuling Patakaran na ang mga kapaligiran ay dapat ipinagsama at suportado ang ganap na pagpasok sa komunidad. Bilang isang tagapagigay, maaaring kailangan mong baguhin kung saan at paano ibibigay ang iyong serbisyo upang matugunan ang Panghuling Patakaran ng HCBS. Maaaring kailangan baguhin ang mga patakaran at disenyo ng programa at maaaring kakailanganin ang pagsasanay sa iyong kawani upang matiyak ang kanilang pag-unawa sa mga bagong inaasahan.

Pagtatasa ng mga Kapaligiran ng Tagapagbigay

Lahat ng mga tagapagbigay ay malapit nang aatasang kumpletuhin ang sariling pagtatasa na survey na makakatulong na tukuyin kung sumusunod o hindi ang isang kapaligiran sa Panghuling Patakaran ng HCBS o kung kailangan ng mga pagbabago. Para sa mga kapaligiran na nangangailangan ng mga pagbabago, magkakaraoon ng panahon upang magbuo ng mga plano sa pagbabago. Magbibigay ng pagsasanay sa proseso ng sariling pagtatasa at mga inaasahan, at ipapahayag ang karagdagang impormasyon sa webpage ng DDS.

Saan ako makakahanap ng dagdag na impormasyon?

Upang magtanong, gumawa ng komentaryo, o kumuha ng karagdagang impormasyon tungkol sa Panghuling Patakaran ng HCBS, magpadala ng email sa HCBSregs@dds.ca.gov.

Para sa detalyadong impormasyon tungkol sa Panghuling Patakaran ng HCBS at Plano ng Pagbabago sa Buong Estado ng California (California's Statewide Transition Plan), mangyaring bumisita sa: http://www.dds.ca.gov/HCBS/

http://www.dhcs.ca.gov/services/ltc/Pages/HCBSStatewideTransitionPlan.aspx

https://www.medicaid.gov/medicaid/hcbs/index.html

Mga Inaatas ng Panghuling Patakaran ng CMS' HCBS

Ang kapaligiran ay:

1. Ipinagsama sa, at sinusuportahan ang ganap na pagpasok ng mga indibidwal na tumatanggap ng Medicaid HCBS sa mas malawak na komunidad sa parehong antas ng pagpasok ng mga indibidwal na hindi tumatanggap ng Medicaid HCBS.

2. Pinili ng indibidwal mula sa mga opsyon ng kapaligiran kabilang ang mga kapaligirang hindi-partikular sa kapansanan at isang opsyon para sa pribadong yunit sa isang kapaligirang pantahanan.

3. Siguruhin ang mga karapatan sa pagkapribado, dignidad at respeto, pati na rin ang kalayaan mula sa pamimilit at pagpigil.

4. Gamitin nang mabuti, ngunit hindi pangasiwaan, ang indibidwal na pagkukusa, pagsasarili, at pagka-independyente sa paggawa ng mga pasya sa buhay, kabilang ang ngunit hindi limitado sa: pang-araw-araw ng mga gawain, pisikal na kapaligiran, at kung kanino makipag-ugnayan.

5. Padaliin ang pagpili ng indibidwal tungkol sa mga serbisyo at suporta, at kung sino ang magbibigay sa mga ito.

Sa pagmamay-ari o kontrolado ng tagapagbigay na mga kapaligirang pantahanan:

6. Ang yunit o tahanan ay isang partikular na pisikal na lugar na maaaring pagmamay-ari, inuupahan, o okupado sa ilalaim ng legal na napapatupad na kasunduan ng indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo.

7. Ang bawat indibidwal ay may pagkapribado sa kanilang yunit ng tulugan at pamumuhay; na may mga pintong nakakandado ng indibidwal, makakapili ng kasama sa silid kung nakikibahagi ng yunit, at kalayaan na maglagay ng muwebles at dekorasyon sa kanilang mga yunit ng tulugan o pamumuhay sa loob ng kasunduan ng pag-upa o iba pang kasunduan.

8. Ang mga indibidwal ay may kalayaan at suporta na pangasiwaan ang kanilang sariling mga iskedyul at gawain, at makakakuha ng pagkain anumang oras.

9. Ang mga indibidwal ay maaaring tumanggap ng mga bisita na kanilang gusto anumang oras.

10. Ang kapaligiran ay pisikal na napupuntahan ng indibidwal.